BLIZZARD

Ang mga blizzard ay mapanganib na mga bagyo sa taglamig na kumbinasyon ng pag-ihip ng niyebe at hangin na nagreresulta sa mababang bisibilidad. Ang itaas na bahagi ng Midwest, kabilang ang Illinois, ay regular na nakakaranas ng mga blizzard.

Ang blizzard noong Enero 26-27, 1967 sa Chicago ay ang pinakamasamang bagyo ng niyebe na naitala sa Illinois na may 23 pulgadang niyebe na may pagbugso ng hangin na may average na 53mph. Ang kumbinasyon ng niyebe at hangin ay nagdulot ng mga bunton ng niyebe na 4 hanggang 6 na talampakan ang taas. 73 pagkamatay ay masasabing dulot ng bagyo ng niyebe na ito na may temperatura na bumaba sa 20 o mababa pa. Ang mga paliparan ay isinara sa loob ng ilang araw na may mga kalsadang hindi madaanan.

Dahil sa Groundhog Day Blizzard noong 2011 ay na-stranded ang 900 mga kotse at bus sa Lake Shore Drive ng Chicago. Ang kumbinasyon ng 21 pulgada ng niyebe na may bilis ng hangin na umaabot sa 35 mph ay nagdulot ng 11 pagkamatay.

- Tingnan ang iyong mga kapitbahay at ang iba pa na maaaring mangailangan ng karagdagang tulong
- Sumangguni sa forecast ng iyong lokal na National Weather Service
- Suriin ang iyong lokal na mga kondisyon ng kalsada sa taglamig gamit ang GettingAroundIllinois.Gov
- Ihanda ang iyong sasakyan para sa malamig na temperatura sa pamamagitan ng pag-update ng preparedness kit ng iyong sasakyan
- Asahan na makatagpo ng mga madulas/delikadong kalsada
- Maaaring maantala ang iyong paglalakbay/pagbibiyahe
- Limitahan ang iyong oras sa labas
- Magsuot ng patong-patong na damit at takpan ang nakalantad na balat
- Ang pabugso-bugsong hangin ay maaaring magdulot na maiihip ang mga debris o pagbagsak ng mga puno
- Dalhin sa loob ang iyong mga alagang hayop

BLIZZARD BABALA

Isang bagyo na naglalaman ng napakaraming niyebe O humihihip ng niyebe na may hangin na higit sa 35mph at bisibilidad na mas mababa sa ¼ milya sa loob ng mahabang panahon (hindi bababa sa 3 oras).

MATINDING LAMIG BABALA

Inilalabas kapag ang mapanganib na malamig na hangin, mayroon man o walang hangin, ay inaasahan. Ang mga kondisyon ay maaaring humantong sa frostbite o hypothermia.

ALAM MO BA?

Ang isang blizzard na nagreresulta mula sa niyebe na dati nang bumagsak ay tinatawag na ground blizzard.

Ready.Illinois.gov

Estado ng Illinois
Illinois Emergency Management Agency at
Office of Homeland Security

@ReadyIllinois ReadyIllinois @ReadyIllinois @ReadyIllinois

2200 S. Dirksen Parkway
Springfield, Illinois 62703
Punong Tanggapan ng IEMA (217) 782-2700
24 oras na Pagtugon (217) 782-7860

Inilimbag ng Awtoridad ng Estado ng Illinois 3/25 IOCI 25-1599 0 kopya